

## Mga Layunin:

Para makapagbigay ng tulong pinansiyal sa mga hindi pumapasok sa eskwelahan na mga etnikong minorya at sa mga bagong dating mula sa Mainland na kukuha ng mga pandaigdigang pampublikong pagsusulit para sa kasanayan sa wikang Ingles at Tsino sa pagtuloy ng edukasyon o empleo at pagtaas ng antas ng kanilang kakayahan sa pakikipagpaligsahan.

## Mga Puntiryang Makikinabang:

Dapat matugunan ang lahat ng mga sumusunod na pamantayan:

### 1. Mga may hawak ng Hong Kong Identity Card (HKIC) na:

- Mga bagong dating mula sa Mainland na may One-way Permit at tumira sa Hong Kong ng mas mababa sa 7 taon, o
- Mga residenteng hindi nakakapagsalita ng Tsino (NCS) na:
  - may hawak ng Hong Kong Permanent Identity Card, o
  - may karapatang lumapag o walang anumang kondisyon ang pamamalagi sa Hong Kong o namamalagi sa Hong Kong bilang dependyente (at ang kanilang mga isponsor ay mga permanenteng residente, o hindi permanenteng residente na may karapatang lumapag o walang anumang kondisyon ang kanilang pamamalagi sa Hong Kong).

### 2. Mula sa mga pamilyang mababa ang kita:

- may buwanang kita na mas mababa sa sumusunod na itinakdang limitasyon ng kita o

Samabahayang Laki (mga tao)	Limitasyon ng Kita (HK\$)
1	5,250
2	12,375
3	16,800
4	22,875
5	29,175
6 o mas mataas	32,400

(Ang natukoy na limitasyon ng kita ay napapailalim sa mga palagiang pagbabago, mangyaring sumangguni sa website ng Home Affairs Department: [www.had.gov.hk](http://www.had.gov.hk) para sa mga detalye)

- ang aplikante o ang kanyang kapamilya\* ay pumasa sa pamamaraang pagsusulit na nagpapatunay sa pagiging karapat-dapat sa tulong sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod:
  - Comprehensive Social Security Assistance;
  - Mga Panokalang tulong pinansiyal sa estudyante sa ilalim ng Ahensiya ng Tulong Pinansiyal sa Estudyante;
    - Panokalang Pinansiyal sa Estudyanteng nasa Tertiary – mga Programang hayagang-pinondohan;
    - Panokalang Pinansiyal pasa sa mga Estudyanteng Nagtapos ng Sekondarya;
    - Tulong Pinansiyal para sa mga Estudyante ng Primary at Sekondarya (iyon ay ang Pamamaraang Aklat-pampaaralan na Tulong, Panokalang Tulong na Salapi sa Pagbiyahe ng Estudyante, Panokalang Tulong na Salapi para sa mga Bayarin sa Internet Access, Panokalang Pagpapatawad sa utang sa Bayad sa Pagsusulit), Proyekkong Yi Jin (pagsasauli ng kabuuang nagugol) o Pamamaraang Tulong Pinansiyal para sa Nahirang na mga Kurso para sa Panggabing Edukasyon sa May-sapat na gulang (pagsasauli ng buo/kalahati ng nagugol) );
    - Panokalang Pagpapatawad sa utang sa Bayad sa Kindergarten at Sentro sa Pa-aalaga sa Bata;
  - Paraang Magpaubaya sa Bayaring medikal ng Hospital Authority (hindi kasama ang minsanang pagpaubaya).

\* Ang Kapamilya ay tumutukoy sa ama, ina, anak, asawa na naninirahan kasama ang aplikante (kasama ang legal at kinikilalang ampon na mga magulang/anak at mga anak sa labas ng kasal na may katibayan ng kaangkanan).

### 3. Hindi nag-aaral.

### 4. Nakakuha ng pasado o mas mataas (o naitakdang resulta) sa partikular na wika sa pandaigdigang pampublikong pagsusulit.

## Paano mag-aplay

Ang mga application form at detalyadong tala ng mga gabay ay makuha sa:

- Mga website ng Home Affairs Department at New Home Association;
- Mga Pampublikong Sentro ng Pagtatanong ng Home Affairs Department, mga Sentro ng Suportang Serbisyo para sa mga Etnikong Minorya at mga Sentro ng Serbisyo sa Distrito ng New Home Association.

### Ang mga nakumpletong application form kasama ang mga kopya ng kaugnay na mga dokumento ay dapat:

- Ipadala sa pamamagitan ng koreo sa isa sa mga Sentro ng Serbisyo sa Distrito ng New Home Association ; o HOME Centre
- Ihulog sa deposit box sa alinmang Sentro ng Serbisyo sa Distrito ng New Home Association o HOME Centre

Hong Kong Island Service Centre (HKISC)	2/F, Union Park Tower, No.168 Electric Road, North Point, HK
Kowloon East Service Centre (KLNEC)	Room K-L, 1/F, Lladro Centre, 72-80 Hoi Yuen Road, Kwun Tong, Kowloon
Kowloon West Service Centre (KLNWSC)	Flat D-F, 1/F, South Ocean Building, 286-300 Cheung Sha Wan Road, Kowloon
New Territories East Service Centre (NTESC)	Unit 911, Landmark North, 39 Lung Sum Avenue, Sheung Shui, N.T.
New Territories West Service Centre (NTWSC)	Suite 1304, 13th Floor, Chinachem Tsuen Wan Plaza, 455-457 Castle Peak Road, Tsuen Wan, N.T.
HOME Centre (Yau Tsim Mong Centre)	Shop B, G/F and 1/F, Sun Wah Building, 73 Battery Street, Yau Ma Tei, Kowloon
HOME Centre (Sham Shui Po Sub-centre)	G/F, No. 130, South Ocean Building, Kiu Kiang Street, Sham Shui Po, Kowloon

## Pagsisiyasat at Pagbabayad

Ang mga aplikante ay bibigyan ng nakasulat na paunawa tungkol sa esulta pagkatapos ng pagsisiyasat sa mga aplikasyon. Ang mga matatagumpay na aplikante ay dapat na kunin ng personal o magbigay ng pahintulot sa ibang tao na kolektahin ang perang panustos sa itinalagang Sentro ng Serbisyo sa Distrito ng New Home Association o HOME Centre.

## Pagtatanong

Hotline ng Programa: 2815 5799

(Mga Oras na Bukas ang Tanggapan:

Lunes hanggang Biyernes 10:00-13:00;14:00-18:00 sarado sa Sabado, Linggo at mga public holiday)

Website ng Home Affairs Department: [www.had.gov.hk](http://www.had.gov.hk)

Website ng New Home Association: [www.nha.org.hk](http://www.nha.org.hk)

 HKISC Tel: 2807 2188	 KLNEC Tel: 2191 2939	 KLNWSC Tel: 2720 2001	 NTESC Tel: 2672 7770	 NTWSC Tel: 2815 5009
 HOME Centre (Yau Tsim Mong Centre) Tel: 3610 4418		 HOME Centre (Sham Shui Po Sub-centre) Tel: 3610 4428		



Tulong Pinansiyal para sa mga Hindi Nag-aaral na mga Etnikong Minorya at sa mga Bagong Dating na Kumukuha ng mga Pagsusulit sa Wika

Home Affairs Department